

**Singil para sa Sakuna o Nasira Laban sa Lungsod ng Seattle
Madalas na mga Katanungan**

T: Ano ang Singil?

S: Ang singil ay paghingi ng kabayaran para sa mga kawalan, nasaktan, pinsala na dulot ng isang aksidente o isang pangyayari.

T: Ano ang batas na nagpapatakbo sa proseso ng pag-singil?

S: Ang proseso ng pag-singil ay sumusunod sa Washington State Law Revised Code of Washington (RCW) [4.96.020](#) at Seattle Municipal Code [5.24.005](#).

T: Gaano katagal ang pag-sumite ng singil?

S: Kinakailangang i-sumite ang singil sa loob ng limitasyon ng batas ng estado. Mayroong iba't-ibang batas ng limitasyon para sa iba't-ibang uri ng singil. Tingnan ang RCW [4.16.160](#).

T: Ako ay nag-sumite ng ulat noong ako ay naaksidente, kinakailangan pa ba akong mag-sumite ng singil?

S: Oo. Kinakailangan kang mag-sumite ng singil kung sa iyong pakiramdam ay responsable sa iyong kawalan, pinsala o nasira ang Lungsod ng Seattle.

T: Paano ako mag-susumite ng singil laban sa Lungsod ng Seattle?

S: Maaari kang mag-limbag ng pormularyo, tumawag para sa pormularyo, o kumuha ng pormularyo mula sa Office of the City Clerk.

[Maglimbag ng Pormularyo](#)
www.seattle.gov/riskmanagement

Tumawag para sa Pormularyo:
206-684-8213

Kumuha ng Pormularyo:
City Hall
Office of the City Clerk, Floor 3
600 4th Avenue, Seattle

T: Ano ang impormasyong kinakailangan para sa pormularyo?

S: Ang mga sumusunod ay **kinakailangan** para sa singil:

1. ang pangalan at tirahan ng taong nag-susumite ng singil
2. ang petsa at mismong lokasyon ng kawalang sinisingil,
3. anumang maaring nakaligtaang aksyon mula sa Lungsod
4. ang basehan kung bakit ang Lungsod ay may pananagutan,
5. kahit sinong kilalang saksi
6. detalye ng kalikasan at haba ng pinsala, kasiraang naranasan,at
7. details of the nature and extent of the injury or damage sustained, and
8. ang halaga ng singil.

Ang singil ay **kinakailangan** pirmahan mismo ng taong nag-susumite ng singil.

T: Kinakailangan ko bang magdagdag ng iba pang dokumento?

S: Maaaring makatulong ang pagdagdag ng iba pang suportang impormasyon o detalye gaya ng resibo, at kalkulasyon, kasama pa ang iba pang ebidensiya, gaya ng litrato, plano, atbp. Ang lahat ng dokumentong ibibigay sa Lungsod ukol sa singil ay magiging pag-aari nito at maari ring maging pang-publikong paglista.

T: Saan maaring i-sumite ang singil?

S: Ang singil para sa kasiraan laban sa Lungsod ay maaaring i-sumite sa City Clerk mismo o maaari ring ikoreo/ i-mail.

Numero ng Tanggapan:
Office of the City Clerk
PO Box 94728
Seattle WA 98124-4728

Numero ng Kalsada:
City Hall, Office of the City Clerk, Floor 3
600 4th Avenue
Seattle WA 98124

T: Anong mangyayari matapos i-sumite ang singil?

A: Ang iyong singil ay ipadadala sa "City's Risk Management Office" kinabukasan matapos itong i-sumite sa City Clerk. Ikaw ay makakatanggap ng liham ng pagtanggap sa koreo/ mail. Iimbestigahan ng "claims adjuster" ang iyong singil na inaapila. Mga posibleng kasagutan ng Lungsod:

1. magbayad ng pera,
2. ilipat ang inaapilang singil sa ibang departamento o partido,o
3. hindi sagutin and inaapilang singil kung walang sapat na ebidensiya ng pagkukulang sa bahagi ng Lungsod

T: Kailang ako tatawagan ng "adjuster?"

S: Ikaw ay susulatan ng "adjuster" sa loob ng 2 hanggang 3 araw ng trabaho matapos na igawad ang iyong singil. Bibigyan ka ng numero ng singil at manghihingi ng iba pang dokumentasyon para sa inaapilang singil ng nagawarang "adjuster."

T: Gaano katagal ang imbestigasyon?

S: Ang tagal ng imbestigasyon para sa isang singil ay iba-iba batay sa kaso. Sa humigi't kumulang, ang singil ay umaabot sa 60 araw upang maisaayos.

T: Ano ang mga basehan ng pagde-desisyon ng singil?

S: Ang mga basehan ng paged-desisyon ay ang mga sumusunod:

1. ang particular na dokumento ng inaapilang kawalan,
2. ang nararapat na batas,
3. kung ang Lungsod ng Seattle ay may legal na responsibilidad,
4. ang kalagayan ng umaapila sa sitwasyon,at
5. ang kalikasan at haba ng kasiraang sinisingil.

T: Ako ay nasaktan. Sino ang magbabayad ng akong gastos medical?

S: Ikaw ang may pananagutan sa mga gastos medical. Kung sa iyong paniniwalang responsible ang Lungsod ng Seattle sa iyong pinsala, ikaw ay nararapat na mag-apila ng singil. Ang mga pangyayari sa kapaligirang iyong pinsala ay iimbestigahan. Kapag ikaw ay ginawaran ng kabayaran o pananagutan, maaaring palitan ang iyong nagastos sa paggamot ng pinsala o bayaran ang gastos medical. Ang Lungsod ay **hindi** nagbabayad ng direktso sa medical na taga-bigay.

T: Ako ay nangangailangan ng paupahang sasakyan dahil sa ang aking personal na sasakyan ay masamang napinsala at di ligtas na gamitin. Paano ako makakakuha ng paupahang sasakyan?

S: Bago imbestigahan ang inaapilang singil, ang Lungsod ng Seattle ay di maaaring magbigay ng autorisasyong bayaran ang paupahang sasakyan. Kung kinakailangan umupa ng sasakyan, ito ay iyong sariling desisyon. Naway unawain lamang na ang "claims adjuster" ay kinakailangang kumpletohin ang imbestigasyon upang malaman kung ang responsibilidad ay para sa paggawad ng autorisasyon para sa paupahang sasakyan. Maaari lamang tawagan ang iyong "automobile insurance company" para sa ano mang pansamatalang tulong. Kung iyong piliing umupa ng sasakyan bago ang autorisasyon, maaaring ikaw ang maging responsible sa bahagi ng kabayaran.

T: Paano ko masusubaybayan ang katayuan ng aking inaapilang singil?

S: Tawagan ang iyong "claims adjuster." Kung ikaw ay walang diretsong telepono ng "adjuster," tawagan ang City's Risk Management Office sa 206-684-8213.

T: Saan ako makakakuha ng tulong sa pagsalin ng salita?

S: Tumawag sa Customer Service Bureau ng Lungsod ng Seattle sa telepono 206-684-2489 (TDD/TTY: 206-615-0476). Maaari silang humanap ng tagapagsalin ng salita.